Kung ikaw ay nagdasal lamang ng " Luwalhatiin ang Pangalan ng Iyong Panginoon", "Ako [Allah] ay nanunumpa sa Araw at sa kanyang marilag na liwanag","Ako [Allah] ay nanunumpa sa Gabi habang lumulukob sa liwanag"? Sapagkat nagdadasal sa likod mo ang Matatanda at Mahihina at May Pangangailangan

Ayon kay Jaber bin `Abdullah-malugod si Allah sa kanilang dalawa-(( Tunay na si Muadh bin Jabal: Ay nagdadasal kasama ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ng `Eishah na panghuli,Pagkatapos ay bumabalik siya sa mga tao niya,at idinadasal niya sa kanila ang yaong dasal))At sa isang salaysay: Tunay na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagsabi kay Muadh:((Kung ikaw ay nagdasal lamang ng " Luwalhatiin ang Pangalan ng Iyong Panginoon", "Ako [Allah] ay nanunumpa sa Araw at sa kanyang marilag na liwanag","Ako [Allah] ay nanunumpa sa Gabi habang lumulukob sa liwanag"? Sapagkat nagdadasal sa likod mo ang Matatanda at Mahihina at May Pangangailangan))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ang mga tahanan ng mga anak ni Salamah ay mga kasamahan ni Muadh bin Jabal Al-Ansari sa kabilang dako ng Madinah,at si Muadh bin Jabal -malugod si Allah sa kanya-ay may matinding pagnanais sa Kabutihan,at siya ay nagsusumikap na makadalo sa pagdarasal kasama ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-dahil sa pagmamahal niiya sa kanya at pagnanais niyang matuto.at Pagkatapos niyang isagawa ang obligadong dasal sa kasama [likod] ang Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Lumalabas siya sa mga kasamahan niya at idinadasal niya sa kanila yaong dasal, kayat itoy magiging kusang-loob [na dasal] para sa kanya-at obligado para sa mga kasamahan niya,At [ang mga pangyayaring ito] ay nalalaman ng Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at sinasang-ayunan niya ito sa kanya.Ngunit pinahaba niya ang pagbabasa isang beses,At ang Batas ng Islam ay inilalarawan sa [kanyang pagiging] Mapag-bigay at Magaan,at hindi paghihigpit,Sapagkat ang pahihigpit at Pagpapahirap,ang katumabas nito ay ang Pag-iwas.At nang makarating sa Propeta pagpalain siya ni Allah at pangalagaan na si Muadh ay nagpapahaba sa pagbabasa,Pinatnubayan niya ito sa pagpapagaan kapag siya ang nangunguna sa pagdarasal.At binigyan niya siya ng mga halimbawa sa mga babasahin na katamtaman , na may pagpapaliwanag " Luwalhatiin ang Pangalan ng Iyong Panginoon", "Ako [Allah] ay nanunumpa sa Araw at sa kanyang marilag na liwanag","Ako [Allah] ay nanunumpa sa Gabi habang lumulukob sa liwanag" Sapagkat ang mga ito ay nakakayanan ng mga may

malalaking idad,at ng mahihina,at ang may mga pangangailangan,na saan ay sila ang mga naghihirap sa pagpapataas,Kaya`t nakakabuti ang pag-aawa sa kanila at pangangalaga sa kanila [sa pamamagitan] ng pagpapagaan,Ngunit kapag ang Muslim ay nagdadasal na nag-iisa,nasa sa kanya ang pagpapataas sa anumang naisin niya.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5392